

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

CABINET REPORT SA TELERADYO – THE NEW NORMAL
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
October 30, 2020

SEC. ANDANAR: Ang bilis talaga ng paglipas ng panahon, parang kailan lang noong nag-launch tayo noong April ng one-year countdown sa ating National Quincentennial. Ang ika-limandaang taon mula noong naganap ang mga pangyayaring naging bahagi ang Pilipinas sa makasaysayang kauna-unahang circumnavigation of the world na nagpakilala sa buong mundo sa victory at humanity ng Pilipino.

Ngayong linggo, dinaanan na natin ang 200-day mark. Palapit na nang palapit po tayo sa 2021 at sa mga gaganaping paggunita. Kaya ngayong gabi, kakausapin natin si National Historical Commission of the Philippines Chairman at National Quincentennial Committee Vice Chairman Rene Escalante para sa Countdown to the Quincentennial: An Update.

Ito po si Communications Secretary Martin Andanar. Welcome to the Cabinet Report.

SEC. ANDANAR: Welcome back to the Cabinet Report. Vice Chairman Escalante mula noong huli tayong nagkasama noong Abril, ano na po ang mga naging highlights ng ating countdown? Ang nakikita ko ay napakaraming webinar ang nangyari na at napakarami at lawak ng mga paksang napag-usapan.

VICE CHAIR ESCALANTE: Bago po ang lahat, binabati ko muna ang ating mga tagapanood ng magandang araw – at tama po kayo, kahit na po mayroon tayong kinakaharap na pandemya, patuloy pa rin po ang NQC sa pagsasagawa ng mga programa na maghahanda sa atin para sa napakalaking pagdiriwang na magaganap sa susunod na taon.

Kaya lang dahil po sa mga restrictions ng IATF, karamihan po ng aming mga programa ay nakasentro na lang sa internet-based platforms. So sunud-sunod po ang aming mga webinars kung saan tinatalakay namin ang iba't ibang mga paksa na may kinalaman sa pagdiriwang ng ika-limandaang anibersaryo ng tagumpay ng mga Pilipino sa Battle of Mactan.

Kami rin po ngayon ay nakikipag-tie up sa iba't ibang institusyon at mga academic institutions also. For instance, we have a partnership with the Office of Senator Loren Legarda para naman po sa cultural aspects po ng paghahanda natin para sa quincentennial. Mayroon din kami pong mga ugnayan sa ilang unibersidad lalong-lalo na sa tatlong big universities natin – ang Ateneo, UP, pagkatapos La Salle kung saan iniimbita po natin ang kanilang mga historyador at ilan pang mga scholars na magsalita at mag-participate po dito sa mga webinars na ginaganap namin.

Ngayon mayroon din po kaming mga activities na province-based, so kasi po gusto po talaga namin dito hindi lang ito nakasentro dito sa Manila. So ito pong Local Historical Network ay

nag-i-sponsor din po kami ng mga activities nila nang sa ganoon iyong grassroots participation po dito sa pagdiriwang na ito ay maisama rin natin.

SEC. ANDANAR: Kumusta naman po ang naging attendance sa mga ito? Marami ba sa ating mga kababayan ang dumalo at nagpakita ng interes sa kabila ng pandemya?

VICE CHAIR ESCALANTE: Opo, at ang malaking tulong po dito iyong DepEd pagkatapos CHED participation, kasi sinulatan ko po si Secretary Briones pati na rin po si Chairman Popoy de Vera na itong mga webinars namin ay magagamit po itong mga outside the classroom activities ng mga bata. Kasi alam ninyo naman ngayon halos karamihan naka-online na so dagdag kaalaman po ito kasi lahat po ng mga nagsasalita dito ay mga eksperto kaya po makakatulong po ito sa mga guro ng kasaysayan na pagpapalawak ng kanilang mga modules. So malaki po, malaki po ang audience na nakukuha natin – minsan umaabot po ng libo.

SEC. ANDANAR: Masuwerte tayo't naka-save ang mga ito diyan sa social media page ninyo kaya puwedeng balik-balikan ng ating mga kababayan lalong-lalo na iyong 'di nakapanood nang live. Anu-ano sa mga ito ang sa tingin ninyo ay naging kaaya-aya sa mga ordinaryong mamamayan?

VICE CHAIR ESCALANTE: Iyong trend kasi natin ngayon, we are trying to decolonize the narrative of Philippine history and focus it on the perspective of the Filipino people. Kasi itong mga nakaraang mga dekada o kahit sabihin nating siglo, ang narrative po na circumnavigation ay masyadong Eurocentric ano, iyong para bagang ang bida palagi ay sina Magellan, sina Pigafetta.

Ngayon po, pilit nating niri-reorient ang narrative na makita po iyong punto de vista ng mga Pilipino at ito rin po iyong pagkakataon na maipakita natin sa ating mga kababayan pati na rin po sa buong mundo na iyong sibilisasyon po ng Pilipinas bago po dumating ang mga Europeo ay napakataas na po ano. So hindi po totoo na noong dumating sila dito ay tayo ay mga barbaro o mga uncivilized.

So pinapakita natin na iyong uri ng ating pananamit, iyong mga gamit natin, iyong ating mga body ornaments, iyong ating mga social organizations ay masasabi nating nasa linya na rin ng sibilisasyon ng ating mga kapitbahay na bansa – at kung titingnan natin baka mas mataas pa iyong lebel ng ating mga sibilisasyon.

Kaya po iyong pini-feature po natin dito iyong ating mga pananamit, pini-feature din po natin dito iyong ating mga boat-making technology pati na rin po iyong ating mga bahay ng mga datu at raja noong mga panahon na iyon na masasabi natin na puwede nating ipagmalaki sa ating mga kababayan at pati na rin po sa ibang bansa. Para po maipakita natin na ang Pilipinas noong mga panahon na ito ay talagang mataas na ang lebel ng sibilisasyon.

At saka isa pa rin ditong pinapakita natin, iyong ugali ng mga Pilipino dahil pinapakita natin dito na tayong mga Pilipino, tayo po ay mga hospitable. Noong makita po natin ang mga dayuhan na ito ay gutom, ito ay may mga sakit at nanghihina na, kahit po hindi natin kilala at kahit hindi po nagkakaintindihan sa salita, tayong mga Pilipino ay talagang likas talaga tayong matulungin at marahil ito ay isang katangian natin na puwede nating ipagmalaki sa mundo.

At sa tingin ko, ito rin ang sikreto natin kung bakit matagumpay tayo dito sa ating mga OFWs, kung bakit paboritong-paborito ang mga Pilipino sa ibang bansa kung manggagawa ang pag-uusapan dahil bukod po sa tayo'y masisipag, tayo po ay may magagandang kalooban. So kung ito po ay maipu-promote natin hindi lamang sa ating bansa at saka sa ibang bayan, may malaking impact po ito economically and even from the point of view of tourism.

So mali po iyong narrative na nadiskubre lang tayo noong 1521 eh, malawak na po ang ugnayan natin sa iba't ibang bansa at makikita natin ito sa mga trading visitors natin sa Cebu pati na rin po sa Butuan. Kung papansinin po natin iyong mga nahuhukay sa Butuan, makikita natin doon na ang iba doon ay hindi produkto natin so ito'y patunay na mayroon na po tayong ugnayan hindi lamang dito sa southern part ng Indonesian part, even to the Southeast Asian part, even Northeast Asia, itong China pagkatapos Japanese civilization ay may mga nahukay rin tayo dito.

So ito'y patunay na tayo po ay malawak na ang ating ugnayan at mayroon na po tayong mga interactions and foreign dealings as early as before the coming of the European.

Ewan ko lang po kung napanood ninyo rin iyong kultura natin sa banig. Mayroon din po tayong pinakikita doon na maging sa mga aspetong ito 'no, so hindi lang ito basta gumagawa tayo ng mahihigaan, nilalagyan natin ito ng mga arte at mga burda nang sa ganoon ay maging kaaya-aya siyang tingnan. So ito'y mga katunayan na mataas na talaga ang sibilisasyon ng ating bansa bago pa man po ang 1521.

SEC. ANDANAR: Sa pagbalik po natin, bibigyan tayo ng update ni Vice Chairman Rene tungkol sa mga contest ng National Quincentennial na puwede pang salihan at puwedeng pagpanalunan nang magagandang premyo. Dito lang po kayo sa Cabinet Report.

SEC. ANDANAR: Kausapin pa rin po natin si National Historical Commission of the Philippines Chairman at National Quincentennial Committee Vice Chairman Rene Escalante.

Vice Chairman, please tell us about your ongoing contests and the prizes you are giving to the winners.

VICE CHAIR ESCALANTE: Ang context po kasi nito ay ganito: So, ang Quincentennial kasi ay parang tinitingnan lang na ito ay isang historical event na kailangang gunitain. Pero gusto sana namin itong maging multi-disciplinary and we really want to involve other sectors of the society. So, mayroon din po kaming mga programa na nakatuon naman sa ating artistic community. Ang nagbigay po sa amin ng idea nito ay noong atin pong ginunita iyong centennial ng birthday ni Rizal noong 1960, 1961 to be precise, nagkaroon po ng patimpalak doon sa painting at naka-produce po ang National Historical Commission ng ilang mga paintings.

At ngayon, actually pati si 'Botong' Francisco, iyong national artist natin ay isa sa mga sumali doon at iyong kaniyang entry po dito ay napakamahal na po ngayon. So, parang naisip namin, ano kaya't magkaroon din tayo ng ganito, para naman iyong ating mga pintor ay magkaroon naman ng partisipasyon dito at hindi lang malimita sa mga academic communities ang ating

partisipasyon. Kaya ito po iyong aming patimpalak na may kinalaman po sa paggawa ng mga paintings na may kinalaman din po sa event na kinu-commemorate natin.

Ngayon, medyo very challenging lang ito dahil sa pandemya. Kaya nag-a-adjust po kami nang sa ganoon talagang pinipilit na mahikayat ang lahat na sumali dito. So, nilawakan po namin ang aming mga drop-off points, kasi alam naman ninyo ngayon, ang hirap mag-travel ngayon eh. So, patuloy kaming humihingi ng tulong sa iba't ibang institusyon, kung puwede na sila ang kumuha muna ng mga ito at saka namin pi-pick-up-in. Sa kasalukuyan, kung hindi ako nagkakamali, halos 23 na po yata ang drop-off points namin all throughout the country, nang sa ganoon, iyong mga pintor na gustong sumali dito, hindi na sila lalakbay ng malayo.

Ngayon, bilang dagdag pa dito at makasali iyong iba, kinukonsidera po namin iyong mga petition na kung puwede habaan pa ang deadline, kasi minsan nagkakaproblema sila doon sa pagbili ng canvass, pati na rin ng mga oil paintings. So pinagbigyan ko pa rin ito ng sa ganoon eh dumami iyong mga participants natin dito. So, sa tingin ko, tatal ang big day naman ay Abril, pag-uusapan namin ng komite na kung puwede ipu-propose ko na habaan pa natin itong deadline na ito.

At nais ko ring samantalain ang programa ninyong ito na imbitahin iyong mga nag-aagam-agam pang sumali, kalahating milyon po ang premyo, ang grand prize. At apat na kategorya po ito, kapatid. So ang total prize po natin dito is dalawang milyon, kasi hinati po natin ito sa mga tema na dini-develop natin. So, samantalain po natin iyon pong mga may talento natin sa pagpipinta, bihira pong mangyari ito na mayroon tayong patimpalak. Sa survey namin, isa na yata ito sa pinakamalaking grand prize.

SEC. ANDANAR: Naku, talaga naman! Sana may kakayahan at talent din ako sa sining. Sir, let's invite our fellow Filipinos to join.

VICE CHAIR ESCALANTE: So, muli iniimbita ko po iyong may mga talento sa pagpipinta na sumali po kayo dito sa patimpalak, para po sa detalye nito tingnan na lang po iyong website ng National Quincentennial Committee. Kasi nandoon po lahat iyong mga mechanics pati na rin po iyong sizes at kung saan ang mga posibleng drop-off point. By the way kapatid, nakalimutan ko pa lang banggitin na mayroon pala kaming dagdag na patimpalak, ito naman iyong sa statue o iyong Quincentennial Statue ni Lapu-Lapu, on top of the four paintings, para naman po ito sa mga eskultor.

So kanina po iyong pinag-uusapan natin, para sa mga pintor. Mayroon din po kaming design competition of Quincentennial Lapu-Lapu Monument at kagaya ng sa painting half million din po ang premyo nito. So kung sino po ang mananalito dito, ito po iyong idi-develop naming monumento sa ipapatayo nating Lapu-Lapu Museum sa Lapu-Lapu City. So, malaking karangalan at malaki iyong premyo dito.

So, muli iniimbita ko rin po iyong mga eskultor natin sa buong bansa na sana po ay tangkilikin ninyo itong patimpalak na ito na ini-sponsor ng NQC. Iyong deadline po sana nito ay ngayong katapusan ng Oktubre. Ngayon nakatingin na po kami ngayon sa katapusan ng Enero 2021. This will give us enough time to award the winners come April 27, 2021 which is the big day.

May level po kasi ito ng selection, mayroon po itong preliminary judging doon sa mga sites and then later on, ito po ay magkakaroon po tayo ng mga experts sa judging naman dito sa National Museum natin, sa Manila na po ito, at iyong paghuling level po ay iyong mga ranking government officials including the members of the National Quincentennial Committee. So, tatlong levels po iyong judging, kaya po kung Enero po ito, iyong next level ay Pebrero, iyong next level is Marso, awarding po tayo ng Abril, para naman hindi magahol itong ating committee.

SEC. ANDANAR: Sa ating pagbabalik pakinggan po natin kung ano pa ang aabangan natin ngayong papalapit na sa 2021.

SEC. ANDANAR: Welcome back to Cabinet Report. Pilipinas, malapit na po ang 2021, ano-ano pa po ang maaasahan o maaabangan ng kapwa nating Pilipino habang tumutulak tayo palapit sa National Quincentennial?

VICE CHAIR ESCALANTE: Patuloy pa rin po iyong aming mga webinar conferences hanggang po sa dumating iyong April 27. Ngayon, itong mga panahon na ito kapag lumabas lang iyong aming proposed budget sa Kongreso at mapirmahan na iyong ating General Appropriation Act magkakaroon po kami ng workshop probably before the end of the year or early part of 2021 at ang paghahandaan na po natin ngayon ay iyong big day. Marami po kaming mga plano, kaya lang palagi kaming may plan A, plan B dahil nga po dito sa kinakaharap nating pandemya.

Sa ngayon po ang nakasalang po sa aming mga programa is, iyong big day po dalawang parte po ito: Iyong AM part nito o iyong umaga po nito ay magaganap sa Lapu-Lapu City, so magkakaroon po tayo ng reenactment ng Battle of Mactan at magkakaroon din po tayo military parade and a few other cultural activities in the morning. Pagdating po kasi ng hapon, lilipat na po ang activities dito po sa Maynila at magkakaroon po tayo ng cultural presentations dito po sa, to be opened Metropolitan Theatre, dito po sa may Arroceros. Para po sa kaalaman ng lahat, ito po ay malapit na pong matapos iyong theatre iyong phase 1 po nito at ang opening po nito ay tina-target namin sa April 27 at ang magiging feature po nito ay ito pong victory of the Filipinos in the Battle of Mactan.

Ang tema po talaga natin ay victory, para po gunitain ang tagumpay ng mga Pilipino limandaang taon na ang nakalipas at ang panalangin rin po namin, maging worth na gamitin itong victory, kasi hopefully and we pray na by April tagumpay na po tayo sa COVID. Double celebration po ito, ginugunita natin iyong nangyari limandaang taon na ang nakalipas at sana po para maging meaningful ito sa lahat, sana po sa darating na Abril 27, 2021 matagumpay na rin po tayo laban sa COVID. So, tamang-tama ang tema.

SEC. ANDANAR: Kumusta naman po ang mga paghahanda sa mga key activity sites?

VICE CHAIR ESCALANTE: Hindi ko po nabanggit kanina na mayroon din po kaming malaking project, ito po iyong marking of the Magellan route in the Philippines. We're able to identify 33 sites all over the country kung saan nagkaroon ng activities ang Magellan expedition

at bawat lugar po dito, nilalagyan po namin ito ng markers. Pagkatapos starting March 26, dahan-dahan po naming ia-unveil ang mga ito depende sa okasyon, hanggang umabot tayo ng Oktubre kung saan aalis na ang ekspedisyong sa ating bansa; ito po iyong partisipasyon ng ating mga local government units dito sa pagdiriwang.

Ngayon, ang Cebu po ay dalawa po ang sentro ng commemorations – iyong Lapu-Lapu City kung saan nakasentro sila dito sa victory of Lapu-Lapu in the Battle of Mactan; at huwag po nating kalimutan na iyong Cebu City ay mayroon din po silang activities din na may kinalaman po sa Sto. Niño de Cebu. Kasi alam naman po natin na itong imahe ng Sto. Niñong ito ay binigay po ito ni Magellan sa asawa ni Rajah Humabon noong panahon na pinag-uusapan natin ano.

So mayroon po silang mga activities din dito kaya special po ang Sinulog natin next year. So dito po, tatlong institusyon po ang naghahanda dito – iyong Arzobispado ng Cebu, iyong city government of Cebu at pati na rin po iyong NQC.

Ngayon sa iba't ibang bansa, nagkakaroon pa rin po iyong ating mga embahada ng mga activities correlation to this. Regular po kaming nakikipag-ugnayan sa ating mga posting sa Lisbon, sa Madrid at pati na rin po sa Roma. At minsan, pati rin po dito sa American continent, mayroon po silang mga activities din na ini-sponsor na may kinalaman po dito, sa pagdiriwang na ito.

SEC. ANDANAR: Bukod sa key activity sites, ano po ang mga magiging aktibidad sa buong kapuluan?

VICE CHAIR ESCALANTE: Naging tradisyon na rin po ng paggunita natin ang mga national commemorations na naglalabas ng circular ang DILG Secretary kung saan hinihikayat nila ang lahat ng LGUs na magkaroon ng flag raising ceremonies sa kanilang iba't ibang munisipyo at siyudad, at sinasabayan nila ito ng pag-aalay ng bulaklak kung mayroon silang mga dambana o kaya may mga monumento sila doon. Marahil ganito rin ang magiging sistema natin sa April 27.

So karamihan naman ng mga munisipyo at mayroon silang plaza at mayroon silang mga monumento doon so magkakaroon din sila ng mga symbolic offering in honor of Lapu-Lapu.

Ngayon, mayroon din po kaming mga tie-ups sa iba't ibang mga non-government organizations, ini-encourage din po namin sila na magkaroon ng mga civic activities. Isa po sa mga proposal namin, para na rin sa kalikasan natin, kumbaga magkaroon tayo ng mga tree planting activities sa iba't ibang lugar para alay din natin ito sa mga susunod na henerasyon at sa simpleng bagay na ito, makatulong tayo sa pagpapaganda ng ating kapaligiran.

At kung kaya rin nilang magkaroon ng mga cultural activities sa kanilang lugar o kaya may mga trade fair, kasi magiging holiday po ito eh. Sumulat na po kami sa Malacañang na maging non-working holiday ito nang sa ganoon ay mabigyan natin ng pagkakataon ang buong bansa na gunitain at magkaroon ng mga activities sa araw na Abril 27.

SEC. ANDANAR: Ano naman po ang ninanais ninyo sanang pakikibahagi o pakikiisa ng bawat Pilipino?

VICE CHAIR ESCALANTE: Siguro ang kuwan natin dito, iyong aral na mapupulot natin sa paggunita natin ng event na ito ang puwede natin sigurong ibahagi sa lahat at maging parte na sana ng ating buhay. At iyong mga values na pinu-promote ng NQC lalung-lalo na iyong pagiging matulungin, iyong pagpapahalaga sa soberenya at pati na rin iyong pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Minsan kasi nakakalimutan na natin ito, parang ikinahihiya na natin ang ating pagiging Pilipino na sana naman ay huwag ganoon ang ating maging attitude. Parang ang lahat ng idol natin ay puro na lang puti at taga-ibang bansa. Sana panahon na ito na makita natin na may dangal ang lahing Pilipino at marami po tayong mga katangian na puwede natin ipagmalaki sa iba't ibang bansa.

So... pati na rin po, puwede rin po nating ikonekta ito dito sa laban natin sa pandemya. Kasi isa po sa pinu-promote ng NQC as a value na may kinalaman sa event na ito ay unity. Naging matagumpay po ang grupo ni Lapu-Lapu sa Battle of Mactan dahil sila ay nagkakaisa. So panahon natin na ito na nakikipagdigma tayo laban sa COVID, kailangan talagang magkaisa ang mga Pilipino sa iba't ibang pagkakataon. So magkaisa tayo na sundin natin ang mga protocols na ipinapatupad ng ating pamahalaan ng sa ganoon po ay mapigilan natin ang pagkalat ng virus na ito.

So ito po iyong mga simpleng partisipasyon na pinapakita natin ang pagkabayani natin at ang ating pagmamahal sa ating bayan sa pagtulong natin sa simpleng paraan para mapigilan ang pagkalat ng virus na ito.

Iniiimbitahan ko po ang sambayanang Pilipino na makiisa sa paggunita natin ng tagumpay ng mga Pilipino sa Battle of Mactan at sana po ay patuloy ninyong babantayan o imu-monitor iyong aming mga Facebook and then mga announcements in various social media platforms. At kung may mga activities kayo na puwede kayong sumali, kayo po ay iniimbitahan namin at makiisa.

At muli, bilang panawagan: Mag-ingat po tayong lahat at tulung-tulong po tayong lumaban dito sa pandemya para po magapi na po natin ito bago ang April 27 para talaga masabi natin, "The Filipinos will be victorious in 2021 April 27." Salamat po nang marami.

SEC. ANDANAR: Napakahalaga na gunitain natin itong National Quincentennial kahit na ba nasa gitna tayo ng isang pandemya. Magandang bigyan ng pansin at panahon, pag-aralan, isapuso at isabuhay ang victory at humanity na ipinamalas ng ating mga ninuno noong 1521. Kilalanin natin sila at gunitain ang kanilang katapangan at pagkatao, at hanapin sa ating sarili ang kagitingan at kabaitan na susi natin sa pagsulong lalung-lalo na sa panahong ito.

Pilipinas, magkita-kita ulit tayo next Friday. Ito po si Communications Secretary Martin Andanar – keep safe. Mag-ingat po tayong lahat and have a happy weekend.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)

